



Plano ng Lungsod ng Kyotango sa Pagpalaganap ng Multikultural na Pagsasama-sama



Marso 2015
Lungsod ng Kyotango

I Ang mga kalagayan na naging sanhi sa pagsagawa ng plano

● Upang matupad ang layunin na magkaroon ng isang lipunan na lahat ay makapamumuhay ng matiwasay

Sa ika-2 komprehensibong plano ng Lungsod ng Kyotango, ipinasiya na [tao tubig halaman bayan na malaki at mabilis ang pagsulong sa pamamagitan ng pagsali ng lahat ng mamamayan ang kabuuan ng bagong panahon ng hilagang Kinki ay malapit nang kuminang Lungsod ng Kyotango] ang magiging pangitain ng hinaharap pagkalipas ng 10 taon, sa loob ng pangunahing plano, sa [pagsimula ng internasyonal na pakikipag-ugnayan, multikultural na pagsasama-sama at pagtutulungan ng mga pook], lalong ipapalaganap ang internasyonal na pakikipag-ugnayan ng mga mamamayan ng lungsod, tatanggapin ang kaibahan ng nasyonalidad at kultura ng bawat isa habang sinisikap na magkaroon ng isang lipunan na lahat ay makapamumuhay ng matiwasay.

● Ang pagbaba ng populasyon at ang pagtagumpay ng bagong namumunong mga tao

Ang populasyon ng lungsod na ito ay bumababa ng bumababa taun-taon, kaunti ang mga batang ipinanganak at dumadami ang mga taong tumatanda. Ang mga dayuhang dumarating upang manirahan naman ay dumadami, ang mga dayuhan ay nanganganak at nagpapalaki ng mga anak dito sa Lungsod ng Kyotango. Maliban dito, dumadami ang mga pagkakataon para ang kanilang kaugnayan sa bayan ay tumibay tulad pagtrabaho sa iba't ibang kompanya sa loob ng lungsod. At ang mga dayuhang naninirahan sa Japan ay hindi nangangailangan ng tulong, sila rin ay nagiging mga "pinuno ng bayan", para sa pagpanatili at pag-unlad ng bayan kailangang isaayos ang kapaligiran upang sila ay mahusay na makakakilos.

● Ang pagdami ng mga dayuhang turista at ang pagpapa-bighani para sa kanila

Ang pakay ng lungsod na ito ay maging isang lungsod na panturista at isinasagawa ang [Ika-2 plano ng Kyotango sa pagtaguyod ng turismo~pinakamagaling na pagsaayos ng bayad para maging bayang panturista~], at dito tinataguyod ang [mga negosyong humihikayat papasok] para mahikayat ang mga dayuhang turista. Para sa pagsaayos ng bayan upang dumami ang mga dayuhang turista, kailangang ipakita ang bighani ng bayan sa tingin ng mga dayuhan at isagawa na ang rehiyon ay matutugunan ang kinakailangan ng mga dayuhang turista.

● Pinahahalagahan ang maunawaing puso habang isinasagawa ang plano

Iba't iba ang nasyonalidad, etniko, kultura at wika ng mga taong naninirahan sa Lungsod ng Kyotango at ng mga taong bumibisita sa Lungsod ng Kyotango. Ang mga taong iba't iba ang nakalipas na kalagayan ay nalalampasan ang kaibahan sa nasyonalidad at kultura upang magkakasamang kumilos at pinahahalagahan ang pagiging "maunawain sa bawat isa" habang isinasagawa ang [Plano ng Lungsod ng Kyotango sa Pagpalaganap ng Multikultural na Pagsasama-sama] (ituturing na "plano" sa susunod) na ang pakay ay makagawa ng isang lipunan na binubuo ng iba't ibang uri ng mga tao (diverse society) na makakatulong sa pagsaayos ng bayan upang mapadali ang pagsagawa ng mga hakbang patungo sa multicultural na pagsasama-sama.

II Ang pagpuwesto ng pagbuo ng plano



Termino	Paliwanag
Multikultural na pagsasama-sama	Ang tinatawag na multikultural na pagsasama-sama ay [ang pagsasama-sama na namumuhay bilang miyembro ng lipunan ng bayan ng mga taong iba't-iba ang nasyonalidad at etniko na tinatanggap ang kultura ng bawat isa at pantay-pantay ang turingan] (Pinagmulan: Ministry of Internal Affairs and Communications [Ulat ng pangkat na nag-sisiyasat tungkol sa pagpalaganap ng multicultural na pagsasama-sama]).
Mamamayan	Sa planong ito, itinutukoy ang mga taong [nakatira sa loob ng lungsod, nagtatrabaho sa loob ng lungsod, nag-aaral, namumuhay at nagnenegosyo].
Dayuhang mamamayan	Karaniwan, itinuturing ang mga mamamayan na banyaga ang nasyonalidad na nakatira sa Lungsod ng Kyotango, ngunit sa mga tinatawag na [dayuhang mamamayan], dagdag sa mga taong hindi Hapon ang nasyonalidad, kasama rin dito ang mga taong galing sa ibang bansa na nakakuha na ng nasyonalidad ng bansang Hapon.

III Ang kalagayan ng mga dayuhan sa Lungsod ng Kyotango

Mga 500 dayuhan ang naninirahan

Ang nakarehistrong mga dayuhan (*1) sa lungsod na ito ay mahigit 400 noong taong 2008, mula taong 2009 ang bilang ay naging sa huling bahagi ng 300, hindi malaki ang pagbabago ng bilang na halos matatag na ito. Kung titignan ang mga nasyonalidad, ang mga new comers (*2) tulad ng mga Intsik at Pilipino ay dumadami ngunit ang mga old comers (*3) tulad ng mga Koreano ay tumatanda na at bumababa ang bilang.

At noong katapusan ng Disyembre taong 2014, ang nakarehistrong nakatira na may kaugnayan sa militar ng Amerika ay mga 160 kaya ang mga dayuhan na nakatira sa lungsod ay umaabot ng mga 500.




*1 **Bilang ng mga nakarehistrong dayuhan:** Ang bilang ng mga dayuhan na nakarehistro sa rehistro ng mga mamamayan, batay sa batas ng rehistro ng mga dayuhan. Sa pagunod sa pagbago ng batas ng imigrasyon noong Hulyo 2012, ito and bilang ng mga dayuhang naninirahan sa bansa mula taong 2012.

*2 **New comers:** Mga dayuhan na mula taong 1980 ay nanirahan sa Japan ng mahabang panahon dahil nagtrabaho, nag-aral, kinasal sa Hapon, atbp.

*3 **Old comers:** Mga taong galing sa Korea, Tsina at Taiwan na nakatira na sa Japan mula bago pa nangyari ang ika-2 digmaang pang-mundo, at ang kanilang mga kaapu-apuhan, sila ang tinatawag na [espesyal na permanenteng residente].

Bilang ng mga dayuhan ayon sa nasyonalidad

※Maliban sa may kaugnayan sa militar ng Amerika



*Iba pang nasyonalidad (25 tao)

[Noong katapusan ng Disyembre 2014]


Bretanya (1), Taiwan (7), Pransya (1), Irlanda (1), Indonesya (1), Malaysia (1), Betnam (10), Nepal (1), New Zealand (1), Pakistan (1), Paraguay (1), Peru (1), South Africa (2)

70% sa mga dayuhan ay may posibilidad na mamumuhay sa Japan

Kung titignan ang mga visa, tulad ng [permanenteng residente] at [residente], sa kasalukuyan mahigit sa kalahati ng mga dayuhan ang may posibilidad na matagal na mamumuhay sa Japan. Maliban dito, ang karamihan sa mga dayuhan ay babae na kasama sa buhay ang isang Hapon, dumadami ang mga kaso na sila ay nanganganak at nagpapalaki ng mga anak dito.

Ang visa ng mga naninirahang dayuhan

※Maliban sa may kaugnayan sa militar ng Amerika



Ang batayang panuntunan ng plano

Kinikilala at tinatanggap ang kaibahan sa nasyonalidad, etniko at kultura ng bawat isa, para sa isang bayan na magkakasamang makapamumuhay ng masagana



Ang layunin ng plano

I Bayan na makapamumuhay ng matiwasay

II Bayan na nanaig laban sa sagabal na idinudulot ng wika

III Bayan na humihimok sa pagkakaibigan

IV Bayan na umaapaw ang internasyonal na mga katangian

Panahon ng plano

Ang planong ito ay isasagawa sa loob ng 3 taon mula sa taong 2015 hanggang taong 2017.

Taun-taon, susuriin ang pagsulong ng plano at kung natutupad ang itinakdang mga layunin, titignan ang pagbago ng kalagayan ng lipunan at ang epekto sa publiko, at kung kailangan ay muling susuriin at babaguhin ito.

Taon	2014	2015	2016	2017	2018	2019	2020
		← Panahong isasagawa →					
Plano	Pagbuo	Pagsagawa · Pagsuri · Pagpabuti			Pagsagawa · Pagsuri · Pagpabuti		
				Muling pagsuri			Muling pagsuri

Layunin I Bayan na makapamumuhay ng matiwasay

Batayang Prinsipyo 1 Pagpabuti ng pagpalaki sa bata at sistema ng edukasyon

- 1-① Ihanda ang kapaligiran upang mapalaki ang mga bata ng matiwasay
 - ★ Pagbigay ng impormasyon tungkol sa health insurance ng mag-ina sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
 - ★ Pagbigay ng impormasyon tungkol sa nursery school *hoikusho* at kindergarten *youchien* sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
 - ★ Pagbigay gabay sa pamumuhay sa mga hindi pa pumapasok sa paaralang mga bata na dayuhan o ang mga magulang ay dayuhan
- 1-② Ihanda ang kapaligiran upang makakuha ng edukasyon ng matiwasay
 - ★ Pagbigay ng impormasyon tungkol sa publikong elementary at junior high school sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
 - ★ Pagbigay ng tulong sa pag-aaral, pagturo ng wikang Hapon at pagbigay ng gabay sa pamumuhay sa mga bata at mag-aaral na dayuhan o ang magulang ay dayuhan.

Batayang Prinsipyo 2 Paghanda ng kapaligiran ng trabaho, pagsanay ng mga bagong taong mamumuno

- 2-① Pahusayin ang suporta sa trabaho
 - ★ Pagpahusay ng maaaring makonsultahan tungkol sa trabaho ng mga dayuhan
 - ★ Pagkaroon ng mga kurso upang mapagaling ang kakayanan ng mga dayuhang naghahanap ng trabaho
 - ★ Pagturo ng wikang Hapon sa mga dayuhang manggagawa
- 2-② Pagalawin ang mga lokal na industriang makakagamit ng kakayanan ng mga dayuhan
 - ★ Pagbigay impormasyon sa mga dayuhang nais magtrabaho
 - ★ Pagbigay impormasyon sa mga kompanyang maaaring tumanggap at mga kompanyang tumatanggap ng dayuhang manggagawa, tungkol sa mga sistemang nakatatag at ang pakikiugnay sa kanila.
 - ★ Pagtatag at pagpaganda ng mapapasukang trabaho ng mga dayuhan
 - ★ Paghikayat ng kamalayan ng mga kompanya sa loob ng lungsod

Batayang Prinsipyo 3 Paggawa ng kapaligiran na makapamumuhay ng malusog at matiwasay

- 3-① Maghanda ng mga lugar na maaaring magpatingin sa manggagamot na mapanatag ang loob
 - ★ Paggawa ang palatanungang medikal ng ospital ng lungsod sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
- 3-② Itaguyod na maunawaan ang sistema ng medical insurance, pangangalaga sa kalusugan at mga kaugalian ng Hapon
 - ★ Pagbigay ng impormasyon tungkol sa pagpatingin sa manggagamot at medikal na pagkonsulta sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
 - ★ Pagbigay ng impormasyon tungkol sa sistema ng national health insurance at national pension fund sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
 - ★ Pagbigay ng impormasyon tungkol sa sistema ng welfare sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
 - ★ Paggawa ng patnubay sa pamumuhay ba madaling maintindihan ng mga dayuhang mamamayan ((madaling maintindihang wikang Hapon, Ingles at Intsik)
 - ★ Paggawa ng pulong para ipaliwanag ang mga kaugalian ng Hapon na nakaka-apekto sa pamumuhay upang maintindihan ang mga ugaling ito.

Batayang Prinsipyo 4 Paghanda sa pagdating ng sakuna at paggawa ng matiwasay at walang peligrong kapaligiran sa pamumuhay

- 4-① Gumawa ng sistema sa pagkuha ng impormasyon at suporta para sa panahon na magkaroon ng sakuna
 - ★ Paggawa ng sistema sa pagbigay ng impormasyon tungkol sa katayuan ng sakuna sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
 - ★ Pagpabuti ng pagtulong upang matugunan ang pangangailangan ng mga dayuhan sa panahon ng sakuna (pagsagawa ng manual tungkol sa maibibigay tulong)
 - ★ Ang pagsanay sa mga boluntaryong tutulong sa mga dayuhan sa panahon ng sakuna
 - ★ Pagtutungan at pakipag-ugnayan sa ibang lugar at ibang mga samahan tungkol sa pagsuporta sa mga dayuhan sa panahon ng sakuna
- 4-② Turuan upang magkaroon ng kamalayan sa pagiwas sa sakuna
 - ★ Pagturo sa mga dayuhan tungkol sa pagiwas sa sakuna at ang pagsagawa ng pagsanay sa gagawin sa oras ng sakuna
 - ★ Paggawa ng polyeto sa pagiwas sa sakuna sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)
- 4-③ Ipaliwanag ang tungkol sa krimen at kaligtasan sa trapiko
 - ★ Pagturo upang magkaroon ng kamalayan tungkol sa mga krimen sa dayuhan at kaligtasan sa trapiko
 - ★ Paggawa ng polyeto tungkol sa krimen at kaligtasan sa trapiko sa ilang wika (madaling maintindihang wikang Hapon at Ingles)

Layunin II Bayan na nanaig laban sa sagabal na idinidulot ng wika

Batayang Prinsipyo 5 Pagpabuti ng pagtuturo ng wikang Hapon

- 5-① Pagbutihin ang pagtuturo ng wikang Hapon
 - ★ Pagbukas ng mga klase sa wikang Hapon
 - ★ Pagpabuti ng pagturo ng wikang Hapon sa mga bata na ang magulang ay dayuhan
 - ★ Paggawa ng mga pagkakataong makapag-aral ng wikang Hapon na katulong ang mga kompanya, atbp.
- 5-② Isanay ang mga boluntaryong nagtuturo ng wikang Hapon at patibayin ang kaugnayan sa kanila
 - ★ Pagsanay sa mga boluntaryong nagtuturo ng wikang Hapon
 - ★ Pakipag-ugnayan sa ibang mga lugar na may klaseng nagtuturo ng wikang Hapon
 - ★ Pakipag-ugnayan sa mga may kaugnayang samahang

Batayang Prinsipyo 6 Pagpabuti ng pagbigay ng impormasyon at ng sistema ng konsultasyon sa iba't ibang wika

- 6-① Pagbutihin ang pagbigay ng impormasyon sa iba't ibang wika
 - ★ Paggawa ng opisyal na website ng lungsod sa ilang wika (Ingles, Intsik, Koreano)
 - ★ Paggawa ng pahayagan sa ilang wika (Ingles)
 - ★ Paggawa at pagpalabas ng mga programa sa banyagang wika (Ingles) sa cable TV
 - ★ Paggawa at pag-broadcast ng mga programa sa banyagang wika (Ingles) sa radyo
 - ★ Paggawa ng mga karatula (mga karatulang patnubay sa loob ng munisipyo at sa paligid ng lungsod) sa ilang wika
 - ★ Paggawa ng menu at karatula ng mga kainan, atbp, sa loob ng lungsod sa ilang wika (Ingles)
- 6-② Pagbutihin ang sistema ng konsultasyon sa iba't ibang wika
 - ★ Paggamit ng madaling maintindihang wikang Hapon upang hindi mahirapang intindihin ng mga dayuhan na lumalapit upang kumonsulta
 - ★ Pagsanay ng mga interpreters at translators

Batayang Prinsipyo 7 Pagbutihin ang mga pagkakataong makapag-aral ng banyagang wika

- 7-① Pagbutihin ang mga pagkakataong makapag-aral ng banyagang wika at iba't ibang kultura
 - ★ Pagbigay ng mga pagkakataong makapag-aral ng kurso sa ibang wika (Ingles, Koreano) at sa internasyonal na pag-unawa
 - ★ Pagbigay at pag-ayos ng mga klase sa banyagang wika (Ingles) sa mga tanggapan sa loob ng lungsod
 - ★ Paggawa at pagpalabas ng mga programa sa banyagang wika (Ingles) sa cable TV



Layunin III Bayan na humihimok sa pagkakaibigan

Batayang Prinsipyo 8 Pagturo upang magkaroon ng kamalayan tungkol sa lipunan

- 8-① Turuan upang magkaroon ng kamalayan tungkol sa multikultural na pagsasama-sama
- ★ Pagturo upang magkaroon ng kamalayan tungkol sa karapatan ng tao at multikultural na pagsasama-sama, at pagtaguyod sa pagkaunawa nito
 - ★ Pagturo upang magkaroon ng kamalayan tungkol sa multikultural na pagsasama-sama sa mga samahan ng mga magkapit-bahay at mga samahan ng mga mamamayan, pagtaguyod sa pagkaunawa nito
 - ★ Pagkaroon ng klase tungkol sa multikultural na pagsasama-sama sa elementary at junior high school
 - ★ Pagturo sa mga guro at kawani upang magkaroon sila ng kamalayan tungkol multikultural na pagsasama-sama, at pagtaguyod sa pagkaunawa nito
- 8-② Magsanay ng mga taong kikilos para sa multikultural na pagsasama-sama
- ★ Paggawa ng mga kurso, workshop, atbp para makapagsanay ang mga taong kikilos para sa pagsagawa ng bayan na may multikultural na pagsasama-sama
 - ★ Pagsanay ng mga taong magiging koordinador sa multikultural na pagsasama-sama

Batayang Prinsipyo 9 Ang pagiging independente ng dayuhang mamamayan at ang pagsali niya sa mga aktibidad ng lipunan

- 9-① Itaguyod sa pagsali ng mga dayuhang mamamayan sa mga aktibidad ng lipunan
- ★ Pagbutihin ang pagbigay ng impormasyon sa mga dayuhang mamamayan tungkol sa mga aktibidad ng bayan at mga ginagawang events (tulad ng palaro at pyesta)
 - ★ Paghikayat sa mga dayuhang mamamayan sa pagsali sa mga aktibidad ng bayan at mga ginagawang events (tulad ng palaro at pyesta)
 - ★ Pagpakilala sa mga dayuhang mamamayan na matagumpay na gumagawa ng mga aktibidad sa bayan
- 9-② Ihandang ang mga kapaligiran upang makasali ang mga dayuhang mamamayan sa mga aktibidad ng lipunan
- ★ Pagsuporta sa mga samahan ng mamamayan na nagsasagawa ng multikultural na pagsasama-sama at pag-uugnayan
 - ★ Paggawa ng situwasyong madaling makasali ang mga dayuhang mamamayan sa mga samahan ng kultura at sports
 - ★ Pakikinig at pagtugon sa mga kuru-kuro at kahilingan ng mga dayuhang mamamayan



Layunin VI Bayan na umaapaw ang internasyonal na mga katangian

Batayang Prinsipyo 10 Pagpakita ng bighani ng Lungsod ng Kyotango

- 10-① Maglabas ng mga impormasyon tungkol sa turismo at ipatalastas ang bighani ng Lungsod ng Kyotango
 - ★ Paggawa ng mga karatulang panturismo at mga polyeta sa iba't ibang wika (Ingles, Intsik, Koreano)
 - ★ Patalastas ng bighani ng Lungsod ng Kyotango sa iba't ibang wika (Ingles, Intsik, Koreano) na gamit ang SNS at HP
 - ★ Paggawa ng sistema na ang mga dayuhang mamamayan ay makapagbigay ng impormasyon sa labas ng bansa
 - ★ Paggawa ng programa ng Lungsod ng Kyotango, pag-brodkas at pagpadala ng impormasyon sa banyagang wika (Ingles)
- 10-② Ihanda ang sistema na matatanggap ang mga dayuhang bisita
 - ★ Paghanda ng tour para sa mga dayuhan
 - ★ Pagsanay ng mga taong marunong magsalita ng banyagang wika para maging patnubay
 - ★ Paggawa ng workshop sa turismo para sa mga dayuhan

Batayang Prinsipyo 11 Pagdami ng mga taong maaaring makipag-ugnayan

- 11-① Magsagawa ng mga pagkakataong maaaring makipag-ugnayan
 - ★ Paggawa ng pagkakataong maaaring makipag-ugnayan ang mga mamamayan
 - ★ Pagtanggap ng mga homestay at pagtanggap sa kompanya ng mga dayuhan

Batayang Prinsipyo 12 Pakipag-ugnayan at pagtutungan sa ibang mga lugar at ibang mga samahan

- 12-① Makipag-ugnayan at magtulungan sa ibang mga lugar at ibang mga samahan sa iba't ibang mga bagay
 - ★ Pagtulungan at pagpalitan ng impormasyon sa ibang bansa, probinsiya o bayan
 - ★ Pagtulungan at pag-ugnayan sa Kyoto Prefectural International Center at sa mga international associations ng ibang lugar
- 12-② Pahusayin ang pagkilos ng international association
 - ★ Pagpahusay ng pagkilos ng international association



【 Tagalathala: Kyotango City International Association 】

Direksyon

〒627-8567 889 Sugitani, Mineyama-cho, Lungsod ng Kyotango
(Planning Policy Section, Kyotango Planning Affairs Department)

Telepono: 0722-69-0120

Fax: 0722-69-0901

E-mail: kokusai_koryu@city.kyotango.kyoto.jp